



Nobyembre 14, 2016

MEMORANDUM PANSANGAY

Blg. 140, s. 2016

PANSANGAY NA TAGISAN NG TALINO SA FILIPINO 2016

(Sekundarya)

Sa mga: Punong Tagamasid
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Prinsipal ng Paaralang (Sekundarya)

1. Alinsunod sa Memorandum Panrehiyon Blg. 124 s. 2016 re: *6th Bicol Patiribayan Festival*, ang Sangay ng Catanduanes, sa pamamagitan ng Curriculum Implementation Division (CID), ay magsasagawa ng Pansangay na Tagisan Ng Talino, antas sekundarya sa darating na Disyembre 5, 2016 sa Bulwagan A ng Sangay.
2. Ang pangkalahatang layunin ng tagisan ay mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral at mga guro na maipakita ang kanilang talino sa pamamagitan ng eksibisyon ng kanilang produkto/pagganap bilang ebidensya ng kanilang natutuhan/naituro sa asignaturang Filipino, baitang 7-10.
3. Ang tagisan ay dadaluhan ng mga sumusunod:
 - a. Malikhaing Pagsulat ng *Photo Essay*
1 tagapagsanay at 1 kalahok
 - b. Interpretatibong Pagbasa
1 tagapagsanay at isang grupo ng mag-aaral na binubuo ng 5 kalahok
4. Ang mga kalahok ay ang mga nanalo ng unang pwesto sa munisipal na tagisan.
5. Lima (5) ang tatanghaling panalo sa pansangay na tagisan ngunit ang mananalo ng unang pwesto sa Malikhaing Pagsulat ng Photo Essay at Interpretatibong Pagbasa ang siyang lalahok sa Panrehiyong Tagisan na gaganapin sa RELC Hall, Rawis, Legazpi City sa Disyembre 9, 2016 mula ika-9 n.u. hanggang ika-5 n.h..
6. Ang mga tagapagpadaloy ng pansangay na tagisan ay magkakaroon ng oryentasyon sa CID sa darating na Nobyembre 18, 2016, ika-8 n.u..
7. Ang rehistrasyong P300.00 ng bawat kalahok ay iaawas mula sa MOOE ng paaralan bago ang petsa ng tagisan para sa pagkain ng mga hurado at tagapadaloy, *honoraria* ng mga hurado, at iba pang mga gastusin na may kaugnayan sa tagisan gayun din ang pamasaha

at pagkain, akomodasyon ng mga kalahok ay manggagaling sa pondong local /MOOE ng paaralan na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

8. Kalakip nito ang mga Panuntunan at Pamantayan (Kalakip 1), Bilang ng Kalahok Bawat Paaralan (Kalakip 2) at Listahan ng Tagapagdaloy (Kalakip 3), at Koordineytor ng bawat Munisipyo (Kalakip 4).

9. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.


SOCORRO V. DELA ROSA, CESO VI
Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan
sa ilalim ng mg sumusunod na paksa:

Patiribayan	Filipino
Guro	Mag-aaral

cid/gmt

MGA PANUNTUNAN PARA SA PANSANGAY SA TAGISAN NG TALINO SA FILIPINO 2016

Kategorya:

- A. Malikhaing Pagsulat ng isang Photo Essay at
- B. Interpretatibong Pagbasa

A. Patnubay sa Paglahok

1. Malikhaing Pagsulat ng Photo Essay

A. Kalahok

- Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral mula sa Baitang 7 Baitang 8
- Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay yaong mga nanalo sa Munisipal na Tagisan ng Talino sa Filipino 2016

B. Panuntunan

- Ang larawan na gagamiting tema ng susulating Photo Essay ay ibibigay sa araw ng paligsahan
- Ang malikhaing pagsulat ay tatagal ng dalawang (2) oras

C. Pamantayan

1. Orihinalidad (40%)

2. Organisasyon (35%)

- May kaangkupan ang nilalaman ng sanaysay sa larawan
- May kawili-wiling panimula, gitna at pangwakas ng bahagi
- May kaakibat na malikhaing estilo ng pagsulat
- May kaangkupan sa tema, edad at interes ng target na mambabasa

3. Mekaniks (25%)

- Gumamit ng wastong bantas
- Gumamit ng wasto at angkop na mga salita
- Isinaalang-alang sa pagsulat ang gamit ng wika ng kabataan sa kasalukuyan
- Gumamit ng matatalinhagang pahayag tulad ng tayutay at idyomatikong pahayag, pahiwatig, simbolismo at iba pang elemento ng isang malikhaing akda

2. Interpretatibong Pagbasa (Pagbibigay-interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)

A. Mga Kalahok

- Bukas ang paligsahan sa mga mag-aral mula sa Baitang 9 o baitang 10
- Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay yaong mga nanalo sa Munisipal na Tagisan ng Talino sa Filipino 2016
- Ang bawat pangkat na kalahok ay bubuuuin ng limang (5) kasapi/mag-aaral at isang (1) tagapayo/tagapagsanay

B. Panuntunan

- Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
- Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalahok na may bahagi ng tula para sa isahan at sabayang pagbasa, bahagi ng talumpati, bahagi ng monologo, at bahagi ng deklamasyon.

- Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
- Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng babasahing mga akda.
- Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng samampung minuto, ganoon din ang mangyayari sa mga kasunod pang kalahok hanggang sapinakahulung kalahok.
- Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; at ang kasunod na kalahok ay mamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin na hindi rin nila dapat maririnig ang bumabasa nang kalahok.
- Dapat na ang interpretasyon ay nakaangkop sa genreng nakasulat sa piyesa .
- Ang kasuotan ng mga kalahok ay simpleng Filipiñana sa mga babae at kamiso Chino na terno ng maong o pulang pantaloon para sa mga lalaki.
- Ang pagtatanghal ay hindi bababa sa sampung (10) minuto at hindi lalampas sa labinlimang (15) minuto.

C. Pamantayan

- Katapatan - 40%
 - a. Pagpaplutang ng Diwa
 - b. Pagbibigay-diin sa Damdamin
- Hikayat - 20%
 - a. Pang-akit sa madla
 - b. Personalidad
 - c. Tindig
 - d. Kumpas/Kilos
- Tinig- 20%
 - a. Lakas
 - b. Taginting
 - c. kaangkupan sa Diwa at Damdamin
- Bigkas - 20%
 - a. Matatas at maliwanag
 - b. May Pagbabubukod-bukod ng mga salita
 - c. May wasong Diin at Himig

KASUNDUAN: ANUMANG DESISYON NG INAMPALAN AY PINAL.

LISTAHAN NG MGA KALAHOK
PANSANGAY NA TAGISAN NG TALINO 2016

MUNISIPYO	BLG. NG MAG-AARAL	BLG. NG GURO	TOTAL
Bagamanoc	6	2	8
Baras	6	2	8
Bato	6	2	8
Caramoran	6	2	8
Gigmoto	6	2	8
Virac	6	2	8
San Andres	6	2	8
Pandan	6	2	8
Viga	6	2	8
Panganiban	6	2	8
San Miguel	6	2	8
			88

Tagapagdaloy ng Tagisan

Palatuntunan at Imbitasyon

Tserman: Helen Garcia

Co-Tserman: Michaela Chavez

Rehistrasyon

Tserman: Liza Bonafe

Co-Tserman: Angerie Rodriguez

Akomodasyon

Tserman: Helen Garcia

Co-tserman: Eden Valeras

Pagsasaayos ng Entablado

Tserman: Jhon Edgar Maca

Co-Tserman: Paulo Jimenez

Teknikal:

Tserman: Roderick Geromo

Co-tserman: Royce Sanchez

Paggawa ng Sertipiko

Tserman: Jogene San Juan

Co-tserman: Pamela Jane Vargas

Dokumentasyon

Tserman: Eva De Leon

Co-Tserman: Ruby solsona

Paghahanda ng Pagkain

Tserman; Eden Valeras

Co-Tserman: Cresalyn Tugay